SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE M...
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 2-10-25 Time: 2:25

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-25

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA MGA KONTRATA SA PAGPAPARENTA NG MGA PWESTO (*STALLS*) SA PAMILIHANG BAYAN AT *COMMERCIAL COMPLEX* NA PAG-AARI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Leo T. Santos**
*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Kalakalan at Industriya**
**at**
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyan siya ng pahintulot na makalagda sa mga Kontrata sa pagpaparenta ng mga pwesto o *stalls* sa Pamilihang Bayan at *Commercial Complex*;

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 22(a)(5) at (c) ng Batas Republika Blg. 7160 o Kodigo ng Pamahaalang Lokal na isa sa kapangyarihan ng mga pamahalaang lokal ay pumasok sa mga kontrata na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 444(b)(iv) ng Kodigo ng Pamahaalang Lokal na binibigyang kapangyarihan ang mga Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan na pumasok sa mga kasunduan na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** sa masusing pag-aaral ng Pinagsanib na Lupon sa Kalakalan at Industriya at Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan ay napatunayang ang hakbanging ito ay marapat lamang at walang lalabaging anumang batas.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa mga kontrata sa pagpaparenta ng mga pwesto (*stalls*) sa Pamilihang Bayan at *commercial complex* na pag-aari ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ▪ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim